Pangalan: ____________________________________________________________________
Petsa Nang Nagsimula: _______________ Petsa Nang Natapos: ______________ Marka: ________

**Sipi ng Pagsasanay sa Pagkatuto**
**Mga Uri ng Panghalip Pamatlig**

**I. PANUTO: Bilugan ang titik ng tamang sagot sa bawat katanungan.**

1. Alin ang panghalip pamatlig na pahimaton?
   a. Ito b. Diyan c. Hayan d. Ganito

2. Alin ang tumutukoy sa panghalip pamatlig na paukol sa pangungusap? Doon sa silid-aklatan ng paaralan nagsaliksik ang mga bata.
   a. nagsaliksik b. Paaralan c. mga bata d. Doon

3. Nandiyan sa silid ang mga aklat mo. Alin ang panghalip pamatlig na paturol sa pangungusap?
   a. Nandiyan b. mga aklat c. aklat mo d. Silid

4. Ganyan ang aklat na nais kong bilhin. Alin ang panghalip pamatlig na patulad sa pangungusap?
   a. nais b. Aklat c. Bilhin d. Ganyan

5. Ano ang panghalip pamatlig?
   a. Ito ay nagsasaad ng kilos.
   b. Ito ay naglalarawan ng kilos.
   c. Ito ay nagsasabi ng pang-uri.
   d. Ito ay humahalili sa pangngalang nagtuturo ng lugar.

**II. PANUTO:** Bilugan ang iba't ibang panghalip pamatlig at isulat ang kaukulan nito sa patlang bago ang bilang.

_______________6. Ang tumataas na halaga ng bilihin ang isa sa nagpapahirap sa mga Pilipino. Dito sila nahihirapan sa pang-araw-araw na pangangailangan.

_______________ 7. Dagdag pa nito ang droga, na kung saan ang mga kabataan ay nalululong sa masamang bisyo.

_______________ 8. Ang positibong kaisipan ay isang pag-uugali na dapat panatilihin sa buhay. Ito ang magdadala ng magandang inabukasan para sa atin.

_______________ 9. Maraming hindi magagandang pag-uugaling Pilipino ang pumipigil sa pag-unlad natin. Iyon ang nagiging dahilan kung bakit hindi tayo umuunlad.

_______________ 10. May mga gamit na kailangan sa pag-uulat. Diyan nila inilagay sa ibabaw ng mesa.

_______________ 11. Nakikita ko ang nasisirang kapaligiran dahil sa kapabayaan ng mga tao. Nandiyan ang walang humpay na pagtatapon ng basura kung saan-saan.

_______________ 12. Ang lumalalang kahirapan ay patuloy na aking nararanasan kung kaya kailangang iyan na mabigyan ng solusyon.

_______________ 13. Sama-sama ang mga tao upang masugpo ang kahirapan. Ganito ang aking nakikita kung ang tao ay nagkakaisa.

_______________ 14. Dito sa aming lugar, may pagkakaisa upang ang suliranin ay mabigyang-solusyon.

_______________ 15. Dapat magbago ang bawat isa sa atin. Iyon ang magandang solusyon sa problema.